**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG SETYEMBRE, 2017 SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ----------------*Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- Kagawad |
| KGG. RUBEN R. DELOS REYES | --------------- Pangulo-LnB |

**KAPASIYAHANG BLG. 70 T. 2017**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY SA PAMAMAGITAN NI G. JAIME C. MEDINA, MANAGER LLDA, NANG MGA ANAHAW TRUNKS UPANG MAGAMIT BILANG MGA VERTICAL POST NG WATER HYACINTH BREAKER NA ITATAYO SA BUKANA NG ILOG LUMBAN NA MAGSISILBING HARANG SA MGA WATER LILIES NA PUMAPASOK SA KAILUGAN.**

**Akda ni Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** sa lumipas na maraming taon, tuwing panahon ng kasagsagan ng hanging Habagat, ang mga water hyacinth mula sa baybay lawa ng Bayan ng Santa Cruz at mga karatig bayan ay natatangay ng hangin patungong kanlurang bahagi ng Lumban delta na pumapasok sa bunganga ng ilog kasabay sa pagtaas ng tubig;

**SAPAGKAT**, ang mga kimpal ng mga water hyacinth na pumapasok ay bumabara sa kailugan na karaniwang umaabot ng hanggang sa dalawang (2) kilometrong layo na imposible para sa mga mangingisda ng Lumban at ng karatig bayan na makalabas ng lawa upang mangisda;

**SAPAGKAT**, ang pagtatayo ng mga barriers o harang kontra water lilies sa bunganga ng ilog Lumban ay makatutulong upang masagkaan ang pagpasok ng mga nasabing halamang dagat at ang materyales gaya ng anahaw trunks ay akma para sa nasabing proyekto dahil sa ito ay subok na matibay at tumagal sa tubig ng mahabang panahon.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan ni **Kgg. Sheryll G. Tablico-Gaurino**, at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo ay;

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA** na pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling sa Laguna Lake Development Authority sa pamamagitan ni G. Jaime C. Medina, Manager LLDA, ng mga anahaw trunks upang magamit bilang mga vertical post ng Water Hyacinth Breaker na itatayo sa bukana ng ilog Lumban na magsisilbing harang sa mga water lilies na pumapasok sa kailugan.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang tanggapan ni G. Jaime C. Medina at ang iba pang tanggapan para sa kanilang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-18 ng setyembre, 2017.

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAPASIYAHANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*xcrpt91817res70*